9

# Learning Activity Sheet
# Filipino 9
# Kuwarter 3 – MELC 8

Pagpapatunay na ang mga Pangyayari o Transpormasyong Nagaganap sa tauhan ay maaaring Mangyari sa Tunay na Buhay



**REGION VI-KANLURANG VISAYAS**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS) Blg.8**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas Ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet - Filipino 9**

**Manunulat:** Jean V. Naga
**Tagaguhit :** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña

**Division Quality Assurance Team**
Diana P. Agupasa Perly M. Mapa Cynthia C. Caspe
Alma J. Villar Angela Mae D. Lim Rosie Cabus
Marie Antoniette T. Villar

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora., CESO VI
Atty. Fevi S. Fanco, EdD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico, EdD, CESO IV
Pedro T. Escobarte, Jr., PhD, CESO V
Dr. Elena P. Gonzaga, PhD
Mr. Donald T. Genine
Mr. Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod Escalante at Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:** Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner's progress).

**Para sa mga mag-aaral:** Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan.

Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

**Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 8**

Pangalan:______________________________Grado at Seksiyon:_______________

Petsa: _____________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

**Pagpapatunay na ang mga Pangayayri o Transpormasyong Nagaganap sa Tauhan ay Maaaring Mangyari sa Tunay na Buhay**

## I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

Napapatunayang ang mga pangyayari o transpormasyong nagaganap sa tauhan ay maaaring mangyari sa tunay na buhay. **F9PB-IIId-e-52**

## II. Panimula (Susing Konsepto)

Sa pagbabasa natin ng mga akdang pamapanitikan, marami tayong mapupulot na magagandang - aral mula dito. Ang mga pangyayari at transpormasyong naganap sa tauhan sa mga kuwentong nabasa ay sadyang nangyayari sa tunay na buhay minsan.

Naniniwala ka bang may dahilan ang lahat na nangyayari sa atin? Gaano man ito kasaklap ay may magandang bagay tayong mapupulot mula rito. Minsan ay akala natin na sa pelikula lamang nagyayari ang mga bagay na nangyayari sa ating buhay. May mga transpormasyong nagaganap sa mga tauhan kung saan ang kanilang mga katangian ay nagbabago dahil lamang sa isang pangyayari. Isa na rito ang kuwentong nasa ibaba.

.

**Nang Minsang Naligaw Si Adrian**

(Ito ay kuwento batay sa txt message na ipinadala ni Dr. Romula N. Peralta)

Si Adrian ay bunso sa tatlong magkakapatid. Sa kanilang tatlong magkakapatid tanging siya lamang ang naiiba ang propesyon napili. Ang pagiging doktor ang propesyong kaniyang napili na kakaiba sa kaniyang mga kapatid sapagkat ang kaniyang mga kapatid ay mga pawang abogado.

Siya ay lumalaki na punong-puno ng pagmamahal mula sa kaniyang pamilya. Nakapagtapos siya ng pag-aaral hanggang sa naging ganap na doktor ngunit makalipas ang dalawang taon ang kaniyang ina ay pumanaw. Naiwan sa kaniya ang pangangalaga sa kaniyang amang may sakit. Dahil dito siya ay malimit na mapag-isa. Sa kaniyang pag-iisa naiisip niyang umalis at mangibang bansa katulad ng

iba niyang kapatid ngunit ang pumipigil sa kaniya ay ang kaniyang amang maiiwan, Ang pagkakaroon ng inggit sa kaniyang mga kasamahang doktor at kagustuhang magkaroon ng makakasama sa buhay ang siyang nagtulak sa kaniya upang makaisip ng hindi magandang plano laban sa kaniyang pinakamamahal na ama.

Dinala niya ang kaniyang ama sa kagubatan upang ito ay iligaw at kaniyang magawa ang kaniyang mga plano sa buhay sapagkat sa kaniyang palagay ito ay nakasasagabal sa kaniyang mga ninanais. Ngunit habang sila ay naglalakad at pahinto-hinto upang magpahinga napansin niyang ang ama ay nag-iiwan ng mga pinutol na sanga kung kaya ito ay kaniyang tinanong. At ang naging tugon nito ang nagbago sa nanlalabong isip ni Adrian. Iniiwan daw ng kaniyang ama ang mga putol na sanga sa kanilang mga dinaraan upang sa pagbalik niya ay hindi siya maligaw sa kagubatan. Alam ng kaniyang ama ang kaniyang balak. Ang iligaw at iwan ito sa kagubatan. Kung kaya sa huli nagbago ang isip ni Adrian. Hindi na niya itinuloy ang masamang balak sa kaniyang ama. Ang iwan ito at iligaw sa kagubatan. Nagliwanag na ang kaniyang isip at nakabuo muli ng isang magandang plano. Hindi na siya maliligaw muli. Alam na niya ang daan na dapat niyang tahakin kasama ang kaniyang amang mahal.

## III.Sanggunian


Aklat:

Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, Unang Edisyon, Vibal Group, Inc.

Sariling Katha:
Naga, Jean V. (2021). Ang Matinding Pagsisisi. Hindi nailathalang maikling kuwento


## IV. Mga Gawain

**Gawain 1** (Mula sa kuwentong Nang Minsang Naligaw Si Adrian)

**Panuto:** Unawain at sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang titik na may tamang sagot sa hiwalay na papel.

1. Tungkol saan ang kuwentong nabasa?
   A. Tungkol sa pag-aaruga ng matanda sa bahay.
   B. Ang kahirapang dinanas ni Adrian.
   C. Ang mga gustong gawin ni Adrian sa buhay.
   D. Ito ay isang kuwento ng isang anak na doktor na napaglipasan na ng panahon dahil sa pag-aalaga sa kaniyang amang may sakit.
2. Ano ang nag-udyok kay Adrian kung bakit gusto niyang iligaw ang kaniyang ama sa kagubatan?

A. Ang pagod na kaniyang nararamdaman sa pag-aalaga ng kaniyang ama.
B. Ang inggit na kaniyang nararamdaman mula sa kasamahang doktor.
C. Sa kadahilanan na wala na siyang trabaho.
D. Gusto lang niyang mawala sa kaniyang paningin ang kanyang ama

3. Paano natauhan si Adrian sa kaniyang ginawang masama sa kaniyang ama?
   A. Ang pagpapakita ng ama sa wagas na pagmamahal para sa anak ,kabila ng pagligaw nito sa kaniya sa loob ng kagubatan
   B. Pagsusumbat ng kaniyang ama sa pag-aalaga nito noong maliit pa siya.
   C. Dahil sa pagbuhos malalakas na ulan.
   D. Sa pamamagitan ng pagpapasalamat nito sa kaniya.
4. Ano ang iyong mararamdaman kapag ikaw ang nasa katauhan ng kaniyang ama ?
   A. magagalit B. masaya C. malulungkot D. mahihiya
5. Anong ang nangingibabaw sa ama para sa anak na katulad din sa mararamdaman ng mga ama sa tunay na buhay batay sa kuwento?
   A. Wagas na pag-ibig para sa anak
   B. Pagkamuhi para sa anak
   C. Pagkagalit sa anak
   D. Pagkadismaya

**Gawain II**

**Panuto:** Pumili sa isang pangayayari sa kuwentong “Nang Minsang Naligaw si Adrian” na nararanasan mo o ng isa pang kakilala at isulat ito sa hiwalay na papel. Sundin lamang ang pormat sa pagsulat nito. Sa sumunod na patlang naman ay isulat ang transpormasyong naganap sa tauhan o sa kakilala mo.

Pangyayari sa kuwento:

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Karanasan ko o karanasan ng isang kakilala:

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Transpormasyong naganap sa tauhan

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Transpormasyong naganap sa akin o sa kakilala

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**Gawain III**
**Panuto:** Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

Ang Matinding Pagsisisi
ni: Jean V. Naga

Si Mang Kardo ay isang sugarol na asawa. Ang kaniyang maybahay ay isang buntis na si Aling Alyana. Palagi niya itong sinasaktan at minsan ay hindi niya binigyan ng pera. Wala siyang pakialam sa damdamin ng kaniyang asawa. Mas gusto pa niyang alagaan ang kaniyang mga manok kaysa kaniyang asawang buntis. Isang araw, sinabi ni Aling Alyana ina gusto niyang pumunta sa ospital dahil manganganak na siya, ngunit hindi ito pinakinggan ni Mang Kardo. Sa halip ay pumunta si Mang Kardo sa isang sabungan. Pagdaan ng ilang oras, may tumawag kay Mang Kardo at nagsabi na nanganak ang kaniyang asawa sa kanilang bahay lamang at namatay ito dahil sa komplikasyon sa panganganak. Tanging ang bata lamang ang nabuhay.

Pagkarinig niya sa nangyari ay biglang umagos ang kaniyang luha at bakas sa kaniyang mukha ang matinding pagsisisi dahil pinabayaan niya ang kaniyang asawa at hindi ito pinakinggan na magpahatid na ito sa ospital, na mas inuna pa niya ang pagsasabong kaysa sa kaniyang asawa.Naalala niya ang kaniyang pangako ng ikasal sila na hindi niya ito sasaktan at mamahalin niya ito hanggang kamatayan. Pero ang lahat na pangako na kaniyang ginawa ay kabaliktaran ng kaniyang ginawa o pinaranas sa kaniyang asawa. Sa nangyari sa kaniyang asawa, ay namulat siya na ang tunay na mahalaga sa kaniya ay ang kaniyang pamilya at hindi ang pagsasabong. Dahil nito ,nangangako siyang magbabago na at aalagaan, mamahalin niya ang kaniyang anak na naiwan ng kaniyang asawa.

Mula noon, hindi na nagsusugal o pumupunta sa sabungan si Mang Kardo at kumakayod ito nang husto para matustusan ang pangngailangan ng kaniyang anak. Tuwing Linggo ay nakikita siyang nagsisimba kasama ang anak.

Tanong:
1.Tungkol saan ang maiking kuwento?
2. Ano ang mga pangyayari sa kuwento na nangyayari din sa totoong buhay?
3. Ano ang transpormasyong naganap sa buhay ni Mang Kardo batay sa kuwento?
4. Bakit matindi ang pagsisisi ang nadarama ni Mang Kardo batay sa kuwento?
5. Nangayayari rin ba ito sa totoong buhay? Patunayan.

**Tandaan:**

Sa pagpapatunay ng isang bagay o pangyayari na tunay na nangyari sa ating buhay ay nararapat lamang na patunayan ito sa pamamagitan ng pagbibigay o pagbabahagi natin sa ating sariling karanasan o karanasan ng ibang tao.

## V. Repleksiyon

Bilang isang mag-aaral, paano mo mapapahalagahan ang iyong mga natutuhan sa araling ito?

___

___

___

## SUSI SA PAGWAWASTO

GAWAIN 1
1.D
2.B
3. A
4. C
5. A

GAWAIN 2 at iba pang gawain.

- Ang guro ang siyang magwawasto sa kasagutan ng mag-aaral

GAWAIN 3
1. Tungkol sa labis na pagsisisi ng asawang sugarol.
2. Pagiging sugarol ng asaw, pananakit sa maybahay at marami pang iba..
3. Nabago ang kanyang kanyang pag-uugali,naging mabuti na siyang ama.
4. Namatay ang kanyang asawa dahil sa kanyang kapabayaan.
5. Nakadepende ang sagot ng kabataan, ang guro na ang magwawasto.